

Bagong Website ng FICEC mula June 2014

I-search ang “FICEC” sa internet Para makita ang bagong website

Ang website ng FICEC ay ginawa noong taong 2000. Sinimulang bilangin mula 2008 ang bumisita sa website at nalamang patuloy itong dumarami. Kamakailan ang mga bumisita ay mga dayuhang nalaman ang tungkol sa FICEC sa pag surf sa internet, mga nais maging volunteers, iba pang guest users at maging mga may kinalaman sa news at media.

(Bilang ng mga bisita taun-taon)	Bilang ng total access	Top page	Information Fujimino	Gabay sa pamumuhay	Updates at mga balita
2008	312,187	25,819	79,500	120,845	10,301
2013	443,929	40,024	167,793	113,658	23,159



14 na taon na ang lumipas simula ng ang FICEC ay itinatag. Marami at sari-saring impormasyon ang mababasa sa website. Inayos ang website para maging madali para sa lahat, dayuhan man o Hapon, ang paggamit nito. I-search ang “FICEC” sa inyong smartphone o PC para mahanap ito at mabasa ang nais malamang mga impormasyon.

Mga Dinagdag

- (1) Ang icon ay nakakatuwa, madaling makita at magamit.
- (2) Nakasalin sa Ingles, Korean, Chinese, Espanyol, Portugese, Filipino, at simpleng Nihongo
- (3) Madaling makita ang impormasyong nais mabasa sa unang pahina na may maayos na disenyo.
- (4) Makikita sa Facebook ang mga gawain, ebento, at iba pa, gayundin ang mga litrato ng mga aktibidades ng FICEC.

**Alam ba ninyo ang tungkol sa taunang pagpa-medical check-up?
Ang porma para sa pag konsulta o medical check-up ay ipinapadala!**

Kahit sa palagay ninyo na kayo ay malusog at masigla, mainam pa rin na kayo ay magpa check-up ng inyong kalusugan. Ang check-up na ito ay para sa mga may edad na 40~74 taong gulang. Nagbibigay din ng payo upang makaiwas sa pagkakasakit. Ipinapadala ang aplikasyon sa mga miyembro o nakapasok sa public health insurance.

- Pagpakonsulta ay hanggang Nov. 30

- Medical check-up:

Simpleng katanungan, Eksamen ng ihi, klinikal at Pisikal na eksamen, Eksamen ng dugo.

-Iba pang pag-eksamen:

Anemia test, electrocardio-gram, fundus examination (eksamen ng likuran ng mata)

Katanungan:

Fujimi-shi: Health promotion center 049-252-3771

Fujimino-shi: Health center 049-262-9040

Miyoshi-machi: Health center 049-258-1236

***Paano ang proseso para sa medical/health check-up**

(1) Matatangap ang form galing city hall para sa health check-up (2) magpalista sa duktor na pupuntahan (3) magpa-checkup (4) alamin ang resulta ng check-up at mga paliwanag (5) itabi ang resulta ng check-up (6) alamin ang gabay kung kinakailangan mula sa health center ayon sa resulta ng eksamen.(7) simulan ang training para sa kalusugan.

***Mga kailangang dalhin**

(1) Health Insurance card (2) Form para sa Check-up (3) Pambayad na (1000 yen)



Mag-swimming kasama ang pamilya ngayong tag-init! Mga pools sa ating area. . .

Magandang panahon ang summer vacation para makasama ang mga anak.

***Kawagoe suijou park**

July 12 ~ August 31, Bukas mula 9:00 ~17:00. Bayad: Matanda: ¥720 / elementary at junior high school na mga bata : ¥210 Tel: 049-241-2241

***Garden beach, Fujimi-shi**

July 12 ~ August 31, Bukas mula 9:00 ~ 17:00. Bayad: Matanda: ¥500 / junior high school na estudyante; ¥300 / elementary na estudyante : ¥100 Tel: 049-254-4349

***Ecopa bade pool Fujimino-shi**

Ito ay bagong bukas noong June17. Hindi ito pool para sa paglalangoy kundi para sa pang kalusugan na aktibidades para sa mga magulang at mga bata. Bukas mula 9:00 ~ 21:00.

Bayad: 60 yrs old at pataas: ¥320, 16 yrs old ~ 59 yrs old : ¥540 ,

7 yrs old~ 15 yrs old; ¥210 , 6 yrs old o mas bata- libre. Tel: 049-262-9027

Magsuot tayo ng summer kimono at kumain ng soba (thin wheat noodles)

* Tuwing summer sa Japanese class ay nagluluto at kumakain kami ng soba o thin wheat noodles. Ngayong summer ay may ebento ng pagsusuot ng summer kimono o yukata. May mga summer kimonos na maaring mahiram at maisuot sa araw ng Japanese class at may guro din na magtuturo sa pagsusuot nito.

● Kailan: Hulyo 31 (Huwebes) 11:30 ~ 13:00

● Saan: Japanese language class sa FICEC

● Bayad: walang bayad

● Sino: Sinuman na pupunta para mag-aral sa Japanese class. Isama din ang mga kaibigan at mga batang nasa bakasyon ngayong summer.

